SUNNAH COLLEGE

# Ang Salah ng Propeta ﷺ

# صلاة النبي ﷺ

**Tagalog – Arabik**

**عربي – فلبيني(تجالوج)**

Dumaan sa pagsusuri ng Sunnah College committee,
Sumailalim sa pamamahala ni: Sheikh Dr. Haytham Sarhaan

(Guro sa Masjid Nabawi)

**Sarhaan.com – MahadSunnah.com**

**Youtube.com/@MahadSunnah**

**Tanong: Papaano ko itatayo ang Salah, na tugma sa salah ng Propeta Muhammad ﷺ ?**

**سـؤال: كيف أصـلي كما كان النبي صـلى الله عليه وسلم يصلي؟**

**Sagot:** Kinakailangan na mag-intensyon para sa Salah na iyong isasagawa, kasama ng iyong mataimtim na puso; ikaw ay haharap sa Qiblah (ang Salah mo man ay obligado o boluntaryo). Ikaw ay titindig ng matuwid, kapag hindi ito posibleng magawa, mag-salah nang naka-upo, kapag hindi ito possible magawa, gawin ito habang nakahiga.

**الجواب**: لابد للمصلي أن ينوي الصلاة التي قام إليها وأن يعينها بقلبه فإذا قام إلى الصـلاة فليسـتقبل الكعبة في الفرض والنفل حيث كان .وليصـــلي قائما فإن لم يستطع فقاعدا .فإن لم يستطع فعلى جَنب .

Sisimulan ang Salah sa Takbeeratul-Ihram (Pagsambit ng Allahu-Akbar). At titingin lamang o tititig kung saan ka magpapatirapa. Itataas mo ang dalawang kamay kasabay ng pagtakbeer (pwedeng mauna o pagkatapos). Ang kamay ay itataas kapantay ng balikat o hanggang tainga, pagkatapos ay ipapatong ang kanang palad sa taas ng kaliwang kamay sa kanyang dibdib, (Parehas ang babae at lalaki dito).

ثم يســتفتح الصــلاة ويكبر تكبيرة الإحرام قائلاً: الله أكبر .ناظرًا ببصره إلى مَحَلّ سجوده .ويرفع يديه مع التكبير أو قبله أو بعده .ويجعل كفيه حذو منكبيه أو أطراف أذنيه .ثم يضــع يده اليمنى على ظهر كفه اليسـرى على صـدره عقب التكبير.الرجل والمرأة في ذلك سواء.

Bago magsimula sa pagbabasa, kanyang babasahin ang panalangin na awtentik na naiulat ng Propeta صلى الله عليه وسلم, (Subhanak allahuma wa bihamdik wa tabarak asmuk wa taala jadduk wa la ilaaha ghairuk) tinatagawag ito na "Dua Al-Istiftah".

ثم يســتفتح القراءة ببعض الأدعيـة الثـابتـة عن النبي صـلى الله عليه وسـلم .ومنها :(سـبحانك اللهم وبحمدك وتبارك اسمك وتعالى جدك ولا إله غيرك.)

Pagkatapos ay magpapakupkop sa Allah laban sa Satanas, at sasabihin: (audhobillah min ashaytaan al rajeem), at sasambitin : Bismillah, Ar-Rahman Ar-Raheem, (sa ngalan ng Allah, Ang Pinakamaawayin at Ang Pinakamahabagin). Nararapat na basahin ang buong Surah Al-Fatihah sa bawat Rak'ah, at maaring magbasa ng ibang

ثم يستعيذ بالله تعالى ثم يبسمل ويقرأ الفاتحة في كل ركعة بتمامها. ويُسَـــنُّ أن يقرأ بعد الفاتحة ســـورة أخرى .

talata mula sa Qur'an pagkatapos ng Surah Al-Fatihah.
Pagkatapos ng pagbabasa, hihinto ng saglit at itataas ang dalawang kamay (katulad ng unang takbeer) at magsasabi ng "Allahu-Akbar"(Allah ay Dakila), at yuyuko habang hawak ang dalawang tuhod (hindi dikit-dikit ang mga daliri, at dakot ang mga tuhod). Ang ating likod ay dapat diretso, kapantay ng ating ulo, at ibubuka ang mga siko (palayo sa ating tagiliran). At sasambitin ng mataimtim; "Subhana Rabbiyal-Adheem (Kaluwalhatian sa Allah, Ang Pinakadakila). Mainam na ito ay babanggitin ng tatlong beses.

فإذا فَرغ من القراءة سكت سكتة لطيفة ثم يرفع يديه حذو منكبيه أو أطراف أذنيه ويكبر ثم يركع ويضع يديه على ركبتيه ويمكنهما من ركبتيه ويفرج بين أصابعه كأنه قابض على ركبتيه ويمد ظهره ويبسطه ويجعل رأسه مساويًا لظهره ويباعد مرفقيه عن جنبيه .ويطمئن في ركوعه ويقول :سبحان ربي العظيم .والأفضل أي يكررها ثلاثًا أو أكثر .ويستحب أن يقول كذلك غيرها من الأذكار المشروعة في الركوع.

Muling titindig mula sa iyong pagyuko, at sasabihin habang nakatayo;"Samia Allahu liman hamidah" (Dinidinig ni Allah sinuman ang pumupuri sa Kanya), ito ay sasambitin ikaw man ay mag-isang nagsasalah o kasama ng grupo. Muling itataas ang dalawang kamay, tatayo ng maayos hanggang lahat ng parte ng ating katawan ay bumalik sa tindig na posisyon, at muling ibabalik ang kamay sa ating dibdib, at sasabihin: "Rabbana walakal-hamd" (Aming Panginoon, sa iyo ang lahat ng papuri).

ثم يرفع صلبه من الركوع ويقول في أثناء الاعتدال: سمع الله لمن حمده ؛ إن كان إماما أو منفردا .ويرفع يديه عند الاعتدال حذوَ منكبيه أو أطراف أذنيه .ثم يقوم معتدلا مطمئنًا حتى يأخذ كل عظم مأخذه .ويضع يده على صدره ويقول في هذا القيام : ربنا ولك الحمد - إماما كان أو منفردا أو مأموما. -

Magsasabi ng "Allahu-Akbar" at magpapatirapa, mauuna ang tuhod bago ang kamay kung ito ay madali, ngunit kung ito ay mahirap para sa atin ay maaaring ang kamay ang mauna bago ang tuhod.

ثم يخِرُّ إلى السجود مكبرًا واضعًا ركبتيه قبل يديه إذا تيسر له ذلك فإن شقَّ عليه قدّمَ يديه قبل ركبتيه.

Habang tayo ay nakatirapa, ang ating mga daliri ay dikit-dikit at nakatutok sa Qiblah, at ang ating mga kamay ay maaring kapantay ng ating mga balikat o tainga, habang ang ating mga siko ay nakataas at hindi dapat sumayad sa sahig. Ang ating nuo, ilong at tuhod ay dapat nakasubsob sa lupa, habang ang ating dalawang paa ay

فإذا سجد اعتمد على كفيه وبسطهما ويضم أصابعهما ويوجهها إلى القبلة. ويجعل كفيه حذو منكبيه .وتارة حذو أذنيه ويرفع ذراعيه عن الأرض ويمكّن أنفه وجبهته من الأرض ويمكّن ركبتيه وكذا أطرافُ قدميه وينصبهما ويستقبل بأطراف أصابعهما القبلة ؛ ويرصّ عقبيه.

magkadikit at ganun rin ang dalawang bukung-bukong, at ang mga daliri nito ay nakabaluktot paharap sa Qiblah.

ويكون اعتماده على جميع أعضـــاء ســـجوده وهي الجبهـة والأنف معـا والكفـان والركبتـان وأطراف القدمين .

Ang ating katawan ay sasandal sa mga parteng ito: sa ating noo at ilong, sa dalawang palad, sa dalawang tuhod, at sa dulo ng ating mga daliri sa dalawang paa.

ويقول في سجوده: سبحان ربي الأعلى والأفضل أن يكررها ثلاثًا أو أكثر. ويستحب كذلك أن يقول غيرها من الاذكار المشروعة في السجود.

At magsasabi ng: "Subhana Rabiyal A'laa" (Kaluwalhatian sa Aking Panginoon, Ang Kataas-taasan). Mainam na ito ay sambitin ng tatlong beses o mas higit, at pinahihintulutan na manalangin sa posisyon na ito.

ويستحب أن يكثر الدعاء في سجوده،
لأنه مظنة الإجابة.

Sikapin na makapagsabi ng maraming panalangin habang nakapatirapa dahil ang mga panalangin sa posisyon na ito ay dinidinig.

ثم يرفع رأســـه مكبرًا ويجلس مطمئنًا حتى يرجع كلُّ عظم إلى موضعه
ويفرش رجله اليســـرى فيقعد عليها وينصـــب رجله اليمنى ويســـتقبل بأصـــابعها القبلة ويضـــع يديه على فخذيه وركبتيه.

Muli tayong magsasabi ng "Allahu-Akbar" at mataimtim na babangon paupo (nakaluhod sa ating mga tuhod).

ويقول في هذه الجلســة: رب اغفر لي ربي اغفر لي .أو يقول: ربي اغفر لي وارحمني واهدني وارزقني وعافني واجبرني أو غيرها من الأذكار المشـــروعة بين السجدتين .

Habang tayo ay nakaupo, ating sasabihin: 'Rabbighfirli, Rabbighfirli' (Aking Panginoon, ako ay Inyong patawarin). Maari rin na sambitin, 'Rabbi ghfirli warhamni, wahdini warzuqni, wa'afini, wajburni' (Aking Panginoon, ako ay Iyong patawarin, kaawaan, gabayan, bigyan ng biyaya, iligtas mula sa lahat ng kasamaan, at tulungan sa aking kahinaan), at iba pa na panalangin na maari nating sambitin.

ثم يكبر ويسـجد السـجدة الثانية ويصـنع فيها ما صـنع في الأولى .

Muling magsasabi ng "Allahu-Akbar" at magpapatirapa (pangalawang beses), at uulitin lamang kung ano ang naunang ginawa natin sa pagpapatirapa.

فإذا رفع رأسـه من السـجدة الثانية وأراد النهوض إلى الركعـة الثـانيـة؛ كبّر ؛ ولـهُ أحيـانـا أن يجلس قبـل أن

Pagkatapos ng pangalawang Sujood (Pagpapatirapa), ating itutuloy ang

natitirang Rak'ah, sasambitin ang Takbeer "Allahu-Akbar", maaaring umupo ng saglit bago tumayo (Jalsah Al-Istirahah-walang panalangin na sasambitin sa maiksing pag-upo na ito), at walang problema o alinlangan kung diretso syang tatayo.

ينهض جلسة خفيفة كالجلسة بين السجدتين وتسمى جلسة الاستراحة .وإن تركها فلا حرج عليه، وليس فيها ذكر ولا دعاء .

Sa muling pagtayo para sa pangalawang Rak'ah (maaaring sandalan ang tuhod sa ating pagtayo kung hindi mahirap) at uulitin lamang lahat ng ating ginawa sa naunang Rak'ah (maliban sa pagbabasa ng Dua Al-Istiftah).

ثم ينهض قائماً إلى الركعة الثانية معتمدا على ركبتيه إن تيسر له ذلك. وإن شقّ عليه اعتمد على الأرض ويصنع فيها كما صنع في الأولى إلا أنه لا يقرأ دعاء الاستفتاح .

Sa huli ng pangalawang Rak'ah, uupo para sa "Tashahhud", katulad ng pag-upo sa pagitan ng dalawang Sujood (pagpapatirapa).

فإذا فرغ من الركعة الثانية قعد للتشهد وجلس مفترشاً كما سبق بين السجدتين.

Kanyang ilalagay ang kanang palad sa taas ng kanang hita at kaliwang palad sa taas ng kaliwang hita (dikit-dikit ang mga daliri), at gagawa ng parang pabilog gamit ang hinlalaki at hinlalato, at ang hintuturo ay ituturo paharap sa Qiblah (bilang simbolo sa kaisahan ng panginoon).

ويضع كفه اليمنى على فخذه وركبته اليمنى ونهاية مرفقه الأيمن على فخذه لا يبعده عنه، ويبسط كفه اليسرى على فخذه وركبته اليسرى ، ويقبض أصابع كفه اليمنى كلها ويضع إبهامه على اصبعه الوسطى تارة وتارة يحلق بهما حلقة ويشير بإصبعه السبابة إلى القبلة دلالة على التوحيد .

At sasambitin ang Tashahhud habang naka-upo.

ثم يقرأ التشهد في هذا الجلوس .

At muling tatayo para naman sa pangatlong Rak'ah (kung ang Salah ay may tatlong Rak'ah o apat) at sasabihin muli "Allahu-Akbar", ilalagay ang kamay sa dibdib katulad ng mga naunang tayo.

ثم ينهض إلى الركعة الثالثة إن كانت الصلاة ثلاثية أو رباعية. رافعاً يديه حذو منكبيه أو أطراف أذنيه قائلاً : الله أكبر .ويضعهما أي يديه على صدره كما تقدم.

Tandaan na sa pangatlong Rak'ah ay Surah Al-Fatihah lamanng ang babasahin. At kung magbabasa ng talata bukod sa Surah Al-Fatihah ay walang problema o maaaring gawin.

ويقرأ الفاتحة فقط ؛ وإن قرأ في الثالثة والرابعة من الظهر زيادةً عن الفاتحة في بعض الأحيان فلا بأس

Sa pagtatapos ng pangatlong Rak'ah, at sya ay nasa pang-apat na, muling tatayo

فإذا صلى الركعة الثالثة نهض إلى الركعة الرابعة كما نهض إلى الركعة الثانية .

katulad ng pagtayo papunta sa pangalawang Rak'ah.

Sa pang-apat na Rak'ah tayo ay magtatapos kung paano tayo umupo sa pangalawang Rak'ah, ating ipapasok ang kaliwang paa sa baba ng ating kanang hita (Iftirash), at babasahin ang Tashahhud kasama ang panalangin para sa Propeta Muhammad, at magpapakupkop mula sa Allah laban sa apat na bagay: "Allahumma inni a'udhu bika min 'adhabi jahannam, wa min 'adhabi al-qabr, wa min fitnatil-mahya wal-mamat, wa min sharri fitnatil-masih ad-dajjal' (O Allah, ako ay sumasamo na Iyong kupkupin laban sa parusa ng impiyerno, laban sa parusa sa libingan, sa pagsubok sa buhay at kamatayan, at laban sa masamang pagsubok ni Antikristo).

ثم يقعد للتشهد الأخير ويصنع فيه ما صنع في التشهد الأول؛ إلّا أنه يفرش قدمه اليسرى ويجعلها تحت ساقه اليمنى ويخرجها من الجانب الأيمن وينصـــب قدمه اليمنى ويجعل مقعدته على الأرض. ثم يقرأ التشـــهد مع الصلاة على النبي صلى عليه وسلم ويستعيذ بالله من أربع فيقول: اللهم إني أعوذ بك من عذاب جهنم ومن عذاب القبر ومن فتنة المحيا والممات ومن شـــر فتنة المسيح الدجال.

Maaaring manalangin para sa ikakabuti sa ating sarili dito sa mundo at sa kabilang buhay.

ثم يدعو لنفسه بما بدا له مما ينفعه في دينه أو دنياه.

At tatapusin ang Salah sa dalawang Tasleem, ang pagsabi ng "Assalamu Alaykum wa Rahmatullah" (Ang kapayapaan at awa ng Allah ay mapasa-Iyo). Una ay pagsambit nito habang ihaharap ang mukha sa kanan, at pagkatapos ay sambitin din habang nakaharap sa kaliwa.

ثم يسلم عن يمينه قائلا: السلام عليكم ورحمة الله حتى يُرى بياض خده الأيمن ويسلم عن يساره كذلك.

At dito natatapos ang Salah.

وبـــهـــذا تـــنـــتـــهـــي صـــــــلاتـــه.

**Panoorin:**
https://youtu.be/Ma79S-ZyCS4

**شاهد:**
https://youtu.be/Ijg_tQCCxa0